

Mahigit 200 agrarian reform beneficiaries ng DAR na tumanggap ng sariling titulo ng lupa



TINGNAN: Si Nanay Imelda B. Mayeng ng Murangan Pines Camp, Bgy. Alcate Victoria ay isa lamang sa mahigit 200 agrarian reform beneficiaries ng Department of Agrarian Reform (DAR) na tumanggap na ng sariling titulo ng lupa sa isinagawang Certificate of Land Ownership Award (CLOA) ng naturang ahensya na ginanap sa Mindoro State University (MinSU) Main Campus- Auditorium, Victoria ngayong araw, Enero 17.

“Finally, nakamit na namin ang aming minimithi, hindi man inabot ng asawa ko dahil wala na siya, kami naman ng kanyang mga anak ay may masisino na kabuhayan na masasabing amin na talaga. Salamat po sa pamunuan ng DAR, sa MinSU at sa suporta sa amin ni Governor Bonz Dolor,” ayon kay Nanay Imelda.

Bilang isa sa panauhing tagapagsalita, hinikayat naman ni Gov. Bonz ang mga ito na magbuo ng isang organisadong samahan upang makakuha ng suporta mula sa pamahalaan. Tutulong din aniya, siya, para sa proseso ng akreditasyon lalo pa’t naging bahagi rin siya ng ito’y pasimulan noong myembro pa siya ng Board of Trustees ng MinSCAT taong 2001.

Sa pamamagitan nito, tiniyak naman ng punong ehukutibo na ipagkakaloob sa mga ito ang nararapat na suporta tulad ng water pump, abono, at mga binhi. Aatasan rin niya, aniya, ang Provincial Agriculturist para sa iba pang interbensyon na maaaring ialalay sa mga ito.

Kapwa kinilala naman ni Gov Bonz at ng pamunuan ng DAR ang inisyatiba ng MinSU gayundin ang Nasyunal na Pamahalaan sa ilalim ng administrasyon ni Pangulong Rodrigo Duterte na anila’y bago matapos ang termino nito naipagkaloob sa mga benepisyaryo ang matagal nilang minimithing sariling lupang pansakahan. (Paunawa: Ang dumalo po ay 60 benepisyaryo lamang na vaccinated individuals) PIO ORIENTAL MINDORO



THE TAMARAO JOURNAL

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

JORGE THOMAS BEATO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY WEDNESDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361 EMAIL ADD: TAMARAOJOURNAL@GMAIL.COM

OPEN NA PO ULIT ANG ORIENTAL MINDORO HERITAGE MUSEUM FOR BOOKING

DAHIL nasa Alert Level 3 tayo, Wednesday and Friday lang muna tayo open sa mga oras na 9:00AM, 11AM, 1:30PM at 3:30PM simula ngayong darating na Biyernes, Jan. 21, 2022.

Maaari kayong magbook sa link na ito at paki hintay ang booking confirmation slip na isesend sa inyong email address.

<https://forms.gle/g1B79VLCZxnoJSWw8>
Booking portal is open from 8:00AM-4:00PM on weekdays.

Please book 3 days before your intended schedule of visit.

Ang Oriental Mindoro Heritage Museum ay hatid sa inyo ng Pamahalaang Panlalawigan sa pangunguna ni Gov Bonz Dolor.

Maraming salamat!



MUSEUM SCHEDULE

DATE	MUSEUM GALLERY	MUSEUM OPEN GROUNDS / COFFEE SHOP
Wednesday	9:00 AM - 4:00 PM	8:00 AM - 8:00 PM
Friday	9:00 AM - 4:00 PM	8:00 AM - 8:00 PM

- Booking for museum gallery visit thru ([HTTPS://FORMS.GLE/G1B79VLCZxnoJSWw8](https://forms.gle/g1B79VLCZxnoJSWw8)). Please book 3 days before your intended visit. Booking portal is open during weekdays from 8:00AM - 4:00PM.
- No booking required for coffee shop dine in and visit of museum open grounds.
- Museum is closed during holidays.
- For inquiries, please call (043) 288-7556, (043) 441-9133 OR +63-968-670-0754)

#LabayOrientalMindoro

'Positive hospital staff not forced to work'

By Ire Joe Laurente
Jan 19, 2022

CALAPAN CITY, Oriental Mindoro: The chief of hospital of the Oriental Mindoro Provincial Hospital (OMPH) denied allegations that they required health care workers to report for hospital duties even if they are positive for Covid-19.

In a text message, Dr. Dante Nuestro told The Manila Times that there is no truth to the claims by some sectors that they required health workers who are positive for Covid but are asymptomatic to continue reporting for work just because the hospital is understaffed.

"There is no truth to that story. What is true is that health workers who initially tested positive of the virus and are asymptomatic and after the DoH's (Department of Health) prescribed isolation period dated January 14, are asked to get back to their hospital duty," Nuestro said in his text message.

The hospital is currently understaffed because several of the workers had tested positive for Covid-19 and were required to isolate themselves.

Acting Provincial Health Officer Dr. Cielo Ante also denied the allegations. She said health care workers infected with the virus were not asked to report for work. She said that this would only compound the already delicate Covid situation in the province. Over the week, at least 22 health workers in the province have tested positive for the virus. The province also saw a stiff rise in Covid infections after the holiday seasons. There were 534 active cases in the province as of January 17. The province now has a total of 10,679 confirmed cases with 9,594 recoveries.

(with permission from the author and www.manilatimes.net. https://www.manilatimes.net/2022/01/19/news/regions/positive-hospital-staff-not-forced-to-work/1829813?fbclid=IwAR3DVXjbQFLaPYXdqth9cw-v15ws8wIW9AQhMktRLtyku8dU-UZ7LBQi_MW0)

Oriental Mindoro ramps up vaccination

By Ire Joe Laurente
January 21, 2022

CALAPAN CITY, Oriental Mindoro: Amid the rising number of Covid-19 infections in the whole province that started early this month, the provincial government ramped up its vaccination rollout by holding two days of inoculation in the entire province on January 20 to 21.

Acting Provincial Health Officer (PHO) Dr. Cielo Angela Ante, in a telephone interview on Thursday, said all city and municipal health offices in the province, except for one municipality, participated in the province-wide vaccination program. Private doctors and nurses and village health workers also volunteered and assisted in the vaccination program.

"Except for the town of Bulalacao where its Municipal Health Office (MHO) is currently on lockdown, all the Rural Health Units participated in the activity. Bulalacao sent information that they will conduct their vaccination on Monday after the prescribed isolation period of their staff who were exposed or had tested positive for Covid-19," Ante said.

The health officer also said they had received reports that in the town of Victoria, all of the more than 2,500 who registered for vaccination reported in the different vaccination sites in the town.

The Naujan MHO also reported that residents showed up early at the vaccination sites.

According to the social media page of the PHO, as of January 20, the province had administered a total of 899,960 doses of vaccines. 471,252 have at least one dose while 428,708 were fully vaccinated.

The number amounts to 67.20 percent of the target number of population to reach herd immunity, which is 637,917 individuals.

The province had also administered 24,342 booster shots, Ante said. According to her, the vaccines administered were Janssen (J&J), Pfizer, AstraZeneca, Moderna and Sinovac.

Most of the vaccines were coordinated with the Department of Health while some, particularly Janssen, came from the Covax Facility in Laguna. (with permission from the author and www.manilatimes.net. <https://www.manilatimes.net/2022/01/21/news/regions/oriental-mindoro-ramps-up-vaccination/1830044?fbclid=IwAR2ZICxtTQGVB1fisbHvByVFllYeY6jNMB0Ovsu7LpxFVOUsB-02xuWBFTc>)



A VISION ON THE VERGE OF REALIZATION: Completion stage of the CALAPAN CITY CONVENTION CENTER, a flagship project of the City Government of Calapan led by City Mayor Arnan C. Panaligan; the first convention center facility in the province of Oriental Mindoro, located in Bgy. Tawiran, Calapan City

Ang pagpa-plano ng proyektong ito ay sinimulan noong 2019 na naantala noong 2020 dahil sa pandemic. Pagkatapos ng pandemya, at tiyak na magwawakas ang pademyang ito at babalik tayo sa normal, ang convention center na ito ay magsisilbing lugar para sa mga malaking national, regional at maging international conventions, meetings, conferences at exhibitions na magsusulong sa Calapan City bilang sentro ng turismo. Magbibigay daan din ang ganitong pasilidad upang mahikayat ang pagtatayo sa mga kalapit lugar ng mga establisimento tulad ng mga hotel, resort, restaurant, souvenir stores at iba pa na magbibigay ng trabaho sa mga residente ng lungsod. Ang proyektong ito ay paghahanda na rin sa pagbubukas at muling pagpa-pa-unlad ng ekonomiya ng lungsod pagkatapos ng pandemya.

BUILD Project (Building Infrastructure for Local Development Project) of the City Government of Calapan.

Calapan school ready to host bar exams

By Ire Joe Laurente
January 23, 2022

CALAPAN CITY, Oriental Mindoro: The City College of Calapan (CCC) is set to make history as one of the chosen testing centers for the first-ever decentralized bar examination on February 4 and 6.

Nepo Jerome Benter, head of the City Technical Working Group for the Bar Exams told The Manila Times in a telephone interview that there are 44 confirmed bar examinees coming from the different provinces in the Mimaropa Region — Mindoro Occidental and Oriental, Marinduque, Romblon and Palawan.

“We are happy and likewise jittery as we know that this would help promote our city college but, at the same time, cautious because of the pandemic amid us,” Benter said, adding that they have prepared four classrooms for the examinations.

He said that from what they had gathered, there would be examinees from Puerto Princesa City, Occidental Mindoro, Romblon and Marinduque but mostly from the province. At least 11 examinees are expected to occupy each room.


The Supreme Court Bar Examination Committee had chosen the CCC as one of the 64 venues for the bar exams originally scheduled in August 2021 but postponed because of the Covid-19 pandemic.

Benter said that all examinees have been ordered to undergo self-quarantine two weeks before the exams and to undergo an antigen testing on February 2.

Examiners from the Supreme Court would also be tested on the same day. Utility workers and security personnel from the police would also be subjected to antigen tests on February 3.

“We hope that this would put the City College on the map of testing sites in the future not only for the Bar but other licensure examinations,” Benter said. The Public Information Office of the Supreme Court also said that the bar examination this year would be pro hac vice, meaning it will only be for the instance of the 2020/2021 bar exams.

(with permission from the author and www.manilatimes.net. https://www.manilatimes.net/2022/01/23/news/regions/calapan-school-ready-to-host-bar-exams/1830280?fbclid=IwAR3WUnM-cjuNoTa9Li1yTJ_z9l6M-ZoPiCuAmT5jtbSGok16M0cOynNMAF4)



288 myembro ng BHERT sa 3 bayan, binigyan ng insentibo ng Pamahalaang Panlalawigan



NASA 288 MYEMBRO NG BARANGAY HEALTH RESPONSE TEAMS (BHERT) sa mga bayan ng Puerto Galera, San Teodoro at Baco ang tumanggap ng cash incentive at gasoline allowance mula sa Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan sa Department of Health (DOH).

Pinangunahan ni Governor Humerlito “Bonz” Dolor kasama si OIC-Provincial Health Officer Dr. Cielo Angela Ante ang pagkakaloob ng nabanggit na insentibo kasama ang Team GSM.

“Hindi kaya ng Provincial Government, Municipal Government, maging ng Municipal Health Officers ang laban kontra COVID-19 kung wala ang mga BHERT. Dahil sa mga BHERT na pinamumunuan ng mga kapitan ng barangay, nagiging matagumpay ang ating mga pagpupunyagi upang maibsan ang epekto ng pandemya sa mga mamamayan”, pahayag ng Gobernador.

Mula nang lumaganap ang pandemya dulot ng COVID-19 sa ating bansa, ipinagutos ng Pamahalaang Nasyunal na kagyat na bumuo ang mga pamahalaang lokal ng Barangay Health Emergency Response Teams upang maging katuwang ng mga health frontliners sa mas mabilis at episyenteng pagresponde sa pandemya sa antas pa lang ng mga barangay.

Ang ginawang pamamahagi ng insentibo ay patunay lamang ng pagpapahalaga at pagkilala ng pamahalaan sa napakalaking kontribusyon ng mga ito lalo na ngayong panahon ng pandemya.

“More than the amount ay ang alaala na hindi kayo nakalilimutan ng Gobernador at ng Pamahalaang Panlalawigan lalo na sa panahon ng pandemya”, ayon pa sa Gobernador.

Ang mga barangay ang itinuturing na pinakamaliit na yunit ng pamahalaan ngunit ang mga ito ang unang takbuhan ng mga mamamayan na tutugon sa kanilang mga pangunahing kinakaharap na suliranin. Kung maagap ang pagtugon sa antas pa lang ng mga barangay, hindi na gaanong mahihirapan ang mas matataas na yunit ng pamahalaan. PIO MINDORO ORIENTAL

